Social Responsibility Program (SRP)
Itanong Mo Kay Dok Z ni Roberto Zaide M.D.

Title: Bato sa Apdo ( Gallbladder Stone)

Ang lathalang ito ay nauukol sa pangkalahatang kaalaman sa bato sa apdo o gallbladder stone na maaring nararanasan ng ilan sa mga tagasubaybay ng kolum na ito.

Ang sakit sa bato sa apdo ay kalimitang nararamdaman ng mga pasyenteng may edad na 40 pataas, babae, malulusog o kaya naman ay sa kanilang reproductive age. Ang kadalasang senyales ay pananakit ng kanang bahagi ng tiyan, pabugso-bugso, na parang busog ang pakiramdam, ang pananakit ay kadalasang lumilipat sa kanang bahagi ng balikat at nararamdaman sa tuwing matatapos kumain ng matatabang pagkain. Ang kumpirmasyon ng sakit na ito ay sa pamamagitan ng ultrasound ng hepatobiliary tree o atay, apdo at mga daanan nito. Kadalasang lunas dito ay operasyon o ang pagtanggal ng apdo. May mga medisinang maaaring inumin subalit napakababa ng porsyentong ito ay matutunaw.

Kung ang bato sa apdo ay mapapabayaan, maari itong magdulot ng mga kumplikasyon tulad ng paninilaw, paglalagnat at malimit na pagsakit ng tiyan. Kapag ito ay nangyari, ito ay nangangahulugan ng malaking gastusin o operasyon.

May mga ibat-ibang dahilan ng sakit na ito. Malimit ay dahilan sa imbalance ng mga kemikal sa katawan, pwedeng dahil ito sa “pigment stone” o “taba sa katawan” o “cholesterol stone” o mga kumbinasyon ng mga ito.

Para sa sapat n kaalaman, maaring kayong tumawag sa Ospital ng Maynila, Department of Surgery, 5246061 local 101 o 300 at hanapin alinman sa mga surgery residents. Ang aming departamento ay nagkakaloob ng libreng operasyon sa bato sa apdo. Maaari kayong kumunsulta sa Ospital ng Maynila para sa karagdagang inpormasyon.